# Pagboto sa Oregon

Ang Oregon ay may ipinagmamalaking tradisyon ng bukas at naa-akses na patas na halalan, na may modernong sistema ng pagboto sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo na itinuturing na gintong pamantayan sa administrasyon ng halalan sa Estados Unidos. Ang iyong boto ay ang iyong boses sa kung paano dapat patakbuhin ang ating pederal, estado at lokal na pamahalaan. Dahil isa tayo sa may pinakamaraming bilang ng boto sa bansa, mga botante ang mga taga-Oregon!

## SINO ANG MAAARING BUMOTO?

Maaari kang bumoto kung ikaw ay:

18+

**Lampas sa 18 taong gulang**

**Isang mamamayan ng U.S.**

*Tandaan: Ang mga kriminal na kasalukuyang nasa bilangguan ay hindi kwalipikadong bumoto. Maaari kang magparehistro para makaboto sa edad na 16, pero hindi ka makakatanggap ng balota hanggang sa ika'y 18 taong gulang.*

## PAANO BUMOTO?

1. **Magparehistro para makaboto.**
Ang pagrehistro para makaboto sa Oregon ay madali at simple lang. Mag-rehistro online sa *Oregonvotes.gov* o sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo ng kard ng rehistrasyon ng botante. Tumawag sa amin sa *503-986-1518* para sa anumang katanungan tungkol sa pagrehistro.

2. **Matatanggap mo ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo.**
Ilang linggo bago ng susunod na halalan, dadating ang iyong balota at pamplet ng botante sa pamamagitan ng koreo. Ang isang online na pamplet ng botante na isinalin sa higit isang dosenang wika ay makukuha sa *oregonvotes.gov/VotersPamphlet.*

3. **Punan ang iyong balota** na minamarkahan ang iyong mga napiling kandidato at panukalang-batas. Maaari mong laktawan ang ilang kategorya o punan ang buong balota. Ilagay ang balota sa kasamang sobreng ibabalik at pirmahan ang likod ng sobre.

4. **Ibalik ang iyong balota** sa pamamagitan ng pagpapadala nito sa koreo o paglalagay sa isang opisyal na hulugan ng balota. Ni hindi mo kailangan ng isang selyo! Makakahanap ka ng hulugan ng balota na malapit sa iyo sa *Oregonvotes.gov/dropbox* o sa pamamagitan ng pagtawag sa *503-986-1518.*

*Makakakita ng impormasyon tungkol sa pagboto sa iyong wika sa Oregonvotes.gov/VotersPamphlet*

Oregon Secretary of State

Tagalog 2026